



SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
www.cardmri.com | Tomo 4 Bilang 4 | Nobyembre-Disyembre 2017

AMEN, inilunsad; ASEAN business leaders, nakiisa

ni JEFF TANDINGAN

Inilunsad ng ASEAN Business Advisory Council (ASEAN BAC) ang ASEAN Mentorship for Entrepreneurs Network (AMEN) sa pangunguna ni Joey Concepcion, Presidential Adviser for Entrepreneurship at ASEAN BAC Chairman. Ito ay upang pangasiwaan ang pagpapalakas sa mga nagsisimula at papalagong mga negosyo sa rehiyon na nasasakupan ng ASEAN sa pamamagitan ng mentoring program.

Ang nasabing paglulunsad ay ginanap noong nakaraang ASEAN Business Summit (ABIS) 2017 noong ika-12 ng Nobyembre 2017.

Ang AMEN, na isang pangunahing programa ng ASEAN BAC, ay tulay ng maliliit na negosyante sa rehiyon ng Timog-silangang Asya patungo sa maraming oportunidad. Ito ang magtuturo sa kanila ng mga panibagong ideya tungkol sa pagnenegosyo at pamumuhunan.

Nilalayon ng mentoring


program ng AMEN na ihanda ang mga MSMEs sa mga hamon na kakaharapin nila sa *business community*. Nais din sila nitong matulungang mapalago ang kanilang mga negosyo sa pamamagitan ng mga binuong modyul sa pagsasanay.

Ang mga magsisilbing *mentors* ay mga kwalipikado at boluntaryong nagnanais na maibahagi ang kanilang kaalaman mula sa kanilang malawak na karanasan sa pagnenegosyo.

Nakiisa sa nasabing paglulunsad ang mahigit 140 lider at *business mentors* ng 10 kasaping bansa ng ASEAN kabilang ang pangulo ng bansa. Dahil isa ang MSMEs sa dahilan ng paglago ng ekonomiya sa bansa, binigyang diin ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa kaniyang talumpati ang pagdaragdag nang mas mataas na badyet para sa MSMEs.

Naging bahagi rin ng nasabing paglulunsad ng AMEN si CARD MRI Founder

AMEN, inilunsad ... ▶ 5



Nagtalumpati si Pangulong Rodrigo Roa Duterte kasama ang 143 *pioneer mentors* sa paglulunsad ng ASEAN Mentorship for Entrepreneurs Network (AMEN) noong ika-12 ng Nobyembre 2017 sa Solaire Grand Ballroom, Pasay City.

Ramon Magsaysay Awardee mula sa Indonesia, bumisita sa CARD MRI upang palawigin ang serbisyo sa mga komunidad ng Islam

ni JEFF TANDINGAN

Bumisita noong ika-9 ng Nobyembre 2017 sa Magsaysay Awardee noong CARD MRI ang Domphet 2016 dahil sa kontribusyon Duafa, isang *non-profit* na nito na maiangat ang antas organisasyon na nakabase sa ng pamumuhay ng mga Indonesia, kasama ang Ramon mahihirap. Iniugnay ng RMAF Magsaysay Award Foundation ang Domphet Duafa sa CARD (RMAF). Nagbahagi sila ng MRI dahil sa matagumpay kaalaman at nakipagpulong nitong pagsasakatuparan ukol sa pagpuksa ng kahirapan. ng Shari'ah Financing, Ang Domphet Duafa ay isang Islamic *microfinance*

banking scheme.

Ikalawa sapinakamalaking relihiyon sa bansa ang Islam kaya naman nais ng CARD na maisakatuparan ang Shari'ah Financing upang matulungan ang komunidad ng mga ito. "Mayroon tayong libo-libong miyembro ng CARD na Muslim kaya naman

Ramon Magsaysay awardee ... ▶ 3



Isang pinto patungo sa pagbabago at pag-unlad. Isa sa bumati kay Presidente Rodrigo Roa Duterte si CARD MRI Founder at Chairman, Dr. Jaime Aristotle B. Alip, sa paglulunsad ng ASEAN Mentorship for Entrepreneurs Network (AMEN) kasama ang mahigit 140 business leaders at pioneer mentors ng 10 bansa na kabilang sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) noong ika-12 ng Nobyembre 2017 sa Solaire Grand Ballroom, Pasay City. Isang pinto ang nagbukas sa paglulunsad ng AMEN para sa pagbabago at pag-unlad sa tulong ng pagpapalitan at pagbabahagi ng mga ideya sa pagnenegosyo, oportunidad sa pamumuhunan, at daan patungo sa paglago ng mga micro at small-scale entrepreneur sa Southeast Asia. - ni LYKA CASAMAYOR

DISASTER MANAGEMENT

CARD MRI, tumulong sa mga pamilyang apektado ni Urduja

▶ 3



PANREHIYON

CARD MBA nagbukas ng ika-53 Provincial Office sa Rizal

▶ 6



PANGKALUSUGAN

Wakasan ang kahirapan sa tulong ng proteksiyon sa kalusugan

▶ 11



CARD, nagbigay ng mga benepisyo mula sa SSS

ni RAFFY ANTES

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-60 taon ng Social Security System (SSS), namahagi ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc. ng *social protection experience* sa iba't ibang *stakeholder* sa isang okasyong *multi-sectoral* noong ika-12 ng Mayo sa Maynila.

Binigyang pansin ni Josef

Leron, Director for Compliance ng CARD, Inc. sa kanyang talumpati ang kabuluhan ng pakikipag-ugnayan sa SSS noong 2013 upang palakasin ang misyon nitong sugpuin ang kahirapan sa bansa.

"Nagsimula kami bilang *partner agent* ng SSS na naghahandog ng *non-*

CARD namahagi ng SSS ... ▶ 2

CARD MBA, kinilala ng ICMIF bilang isa sa mga nangungunang mutual insurers

ni LYKA CASAMAYOR



Makikita sa larawan ang mga lumahok sa Asia Oceania Association (AOA) General Meeting at ang AOA Board of Directors Meeting noong ika-18 ng Oktubre, 2017 sa ICMIF Biennial Conference, London, United Kingdom.

Inihayag ng International Cooperative and Mutual Insurance Federation (ICMIF) ang pinakabago nitong *key statistics report* para sa taong 2016 na kumilala sa CARD Mutual Benefit Association Inc. (CARD MBA) bilang isa sa mga nangungunang kompanya pagdating sa *premium growth* at *global market share*.

Ang ulat na ito ay ang buod ng taunang kolektibong pampinansyal na pagganap ng mga miyembro ng ICMIF.

Mula sa 30 kompanya sa iba't ibang bansa, nasa ika-22 puwesto ang CARD MBA pagdating sa Largest ICMIF Members na may kabuuang *premium* na umabot sa USD 49,043 sa mga *emerging markets*.

Pagdating naman sa pinakamabilis na lumalagong miyembro ng ICMIF, nakuha ng CARD MBA ang ika-19 na puwesto mula sa 30 kompanya na may *premium growth* na 26.6% sa mga *emerging market*.

Samantala, nasungkit ng CARD MBA ang ika-7 puwesto mula sa 30 kompanya na nanggaling sa mauunlad na bansa ang pinakamabilis na lumalagong

miyembro ng ICMIF pagdating sa *life insurance*.

“Kami, sa CARD MBA at sa bumubuo ng CARD MRI ay lubos na nagagalak sa mga ganitong uri ng parangal dahil ito ang siyang sumasalamin na maayos naming naibibigay ang mga pangangailangan ng aming kliyente pagdating sa *microinsurance*,” pagbabahagi ni Flordeliza Sarmiento, managing director ng CARD MRI.

“Sa ngalan ng CARD MBA, kami ay nagpapasalamat sa ICMIF dahil sa kanilang hindi matatawarang suporta sa mga kompanya ng *mutual* at *cooperative insurance* tulad namin at bilang kabahagi namin sa misyong lipulin ang kahirapan,” dagdag pa niya.

Ang ICMIF ay isang natatanging samahan na kumakatawan sa mga sektor ng *mutual insurance* at *cooperative* sa buong mundo. Ang mga miyembro ng samahang ito ay nagbibigay ng mga serbisyo at gawaing may kinalaman sa *market information*, *networking opportunities* at *leadership development*, at *global advocacy*.

Microfinance bank, handa na sa mobile banking

ni JEFF TANDINGAN

Sa patuloy na pag-unlad ng makabagong teknolohiya, umusbong ang makabagong pagnenegosyo at pamumuhay. Dala ng *mobile banking* ang ginhawa sa bawat kliyente ng bangko na dulot ng pagdami ng mga gawain sa negosyo, trabaho, at pamilya.

Ang *microfinance-oriented rural bank* na CARD Bank ay ang kauna-unahang institusyon sa larangan ng *microfinance banking* sa bansa na gumamit ng *mobile banking* bilang isang pagbabago upang mapagandapa lalo ang kanilang

serbisyo sa mga kliyente nito.

Konek2CARD: ang daan mo sa iyong pinansiyal

Ang *mobile banking service* ng CARD Bank na tinatawag na konek2CARD ay magbibigay daan sa mga kliyente nito upang makita nila ang kanilang pananalapi sa bangko gamit ang *Android phones*. Sinimulan ang konek2CARD noong 2012, kung saan mayroon itong ilang *features*. Ngayon, pinaganda pa ito upang maghatid nang mas mabilis na *banking transactions*.

Nagkakaroon ng pagkakataon ang mga kliyente nito upang masubaybayan ang kanilang CARD Bank pledge at Matapat (ATM) savings account kahit kailan at saan man sila naroroon.

Nakikita ng CARD Bank ang importansya ng serbisyo ng *mobile banking* sa humigit kumulang 2.2 milyong kliyente sa buong bansa. “Mula sa aming hangarin na makapagbigay nang mas mabilis at nararapat na serbisyo sa aming mga kliyente, ipagpapatuloy namin ang pagsulong sa tulong

ng konek2CARD upang makapagbigay pa ng ibang serbisyo tulad ng *e-load*, *mobile remittances*, at *bills payment* upang makasabay kami sa pagbabago sa sektor ng pagbabangko,” sabi ng CARD Bank President at CEO na si Marivic Austria.

Inilunsad ang konek2CARD upang magbigay ng mabisang serbisyo na may *features* na pangseguridad upang mapangalagaan ang mga *banking transaction*.

Pagtulong sa komunidad

Sa ngayon, maaaring makapagdeposito at makapagwithdraw ang mga kliyente sa mga *agent* gamit ang konek2CARD *mobile banking app*. Ang *agent* ay maaaring isang miyembro o hindi miyembro na pasok sa pagbabatayan ng pagiging *agent*. Ang mga *agent* na ito ay nakalilikha ng sobrang kita sa tulong ng cash in/ cash out transactions.

Microfinance bank handa na ... ► 4

CARD, namahagi ng SSS ... ◀ 1

collection services, kung saan tinutulungan namin ang mga kliyente ng *microfinance* na makakuha ng SSS number o matulungan silang ma-update ang kanilang *record* sa SSS,” sabi ni Direktor Leron.

Noong Hunyo 2015, humiling ang mga kliyente ng CARD, Inc. ng iba pang serbisyo na may kaugnayan sa SSS, ayon kay Direktor Leron. “Nabigyan kami ng pahintulot ng SSS na maging Collecting Service Agent,” dagdag niya.

Mula sa nasabing pagkakataon, dinisenyo ng nangangasiwa sa CARD, Inc. ang isang programang magpapatuloy sa mga kliyente nito na nagnanais na makapagbayad ng *premium*

sa SSS. “Prayoridad namin ang aming mga kliyente, kung kaya’t ang pakikinig sa kanilang mga pangangailangan ang laging isinasalang-alang ng aming institusyon,” sabi ni Direktor Leron.

Ayon kay CARD MRI Managing Director na si Flordeliza Sarmiento, naging makabuluhan ang pakikipag-ugnayan ng CARD sa SSS, dahil libo-libong miyembro ang nakinabang sa *government-mandated social protection*.

“Maliban sa *social protection programs* na aming eksklusibong inaalo sa aming mga kliyente, ang *partnership* na ito ay magdudulot ng madaming oportunidad sa

CARD namahagi ng SSS ... ► 7



Josef Leron (pangalawa sa kaliwa) at iba pang kawani ng CARD kasama si SSS Senior Vice President Account Management Group/International Operations Division Judy Frances A. See (gitna) at SSS Department Manager Cooperatives and Informal Sector Department Ma. Nympha M. Ragel (kanan).

DISASTER MANAGEMENT

CARD MRI, tumulong sa mga pamilyang apektado ni Urduja

ni JEFF TANDINGAN



Tumulong si CARD MRI Founder at Chairman Dr. Jaime Aristotle B. Alip sa paghahanda ng *relief goods* para sa apektadong miyembro ng CARD at mga pamilya nito.

CARD inihanda ang relief packs bago manalanta si Vinta

ni RAFFY ANTES

Tulong-tulong ang mga kawani at kliyente ng CARD MRI sa Mindanao na nagbalot ng *relief goods* para sa limang porsyento ng kabuuang bilang ng kanilang mga kliyente, dalawang araw bago tuluyang manalanta ang bagyong Vinta.

“Upang mapadali at mapabilis ang pamamaraan ng pagbibigay ng tulong sa aming mga kliyente, lahat ng mga *unit offices* na di-gaanong naapektuhan at malapit sa

mga lugar na naapektuhan ay nagbalot nang sapat na *relief goods* upang mabigyan ng tulong ang kabuuang bilang ng kanilang mga kliyente,” sabi ni Marilyn Manila, CARD MRI Disaster Management Chair.

Dinagdag din ni Manila na sapat ang bilang ng mga inihandang *relief goods* para sa lahat ng mga kliyenteng may posibilidad na maapektuhan ng bagyong Vinta.

Pagba-validate ng claims

Bukod sa mga *relief*

assistance, ang CARD MRI ay nagsisimula ng maghanda para sa pagba-validateng *claims* para sa *life* at *non-life insurance*.

Lahat ng kliyente ng *microfinance* ng CARD MRI ay awtomatikong magiging kasapi sa CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), ang *microinsurance*

Humigit 34,600 pamilya na sinalanta ng bagyong ‘Urduja’ ang naabutan ng tulong ng CARD MRI ilang araw bago sumapit ang pasko.

Sa pagtugon sa mga apektadong miyembro nito, nagpadala ng *relief assistance* ang CARD MRI sa mga kliyente nito at sa kanilang mga pamilya. “Handa kaming tumulong sa panahon ng kalamidad. Naipamahagi na namin ang lahat ng *relief packs* sa mga apektadong kliyente ng bagyong Urduja,” sabi ni CARD MRI Disaster Response Chair, Marilyn Manila.

Ang *microinsurance group* ng CARD MRI ay may kabuuang nabayarang 713 *policy holders* para sa mga nasirang bahay dulot ni ‘Urduja’.

S a m a n t a l a , nakapagtala naman ng

17 nasawi mula sa mga kliyente ng CARD MRI kabilang ang mga pamilya nito na nabigyan ng agarang tulong at nabayaran sa kanilang *insurance claims*.

Palawigin ang pagtulong

Inilunsad ng CARD MRI ang isang kampanya sa *social media* na naglalayong matulungan ang mga apektadong komunidad. “Tulungan natin silang maramdaman ang tunay na diwa ng pasko. Palawigin natin ang ating pagtulong sa kanila,” sabi ni Manila.

Matapos ang pagsalanta ni ‘Urduja’, nakaranas na naman ng isang bagyo ang mga isla ng Mindanao at Visayas. Upang matulungan ang mga apektadong pamilya at iparamdam ang presensya ng Pasko, nagbigay ng mga damit bilang donasyon ang mga kawani, miyembro, at ibang indibidwal at
CARD MRI tumulong sa ... ► 10

arm ng CARD MRI. Makatatanggap din sila ng *life insurance benefits*.

Maaari ding mag-avail ang mga kliyente ng iba pang *non-life products* katulad ng *re-house*, at *hospitalization*, na may mababang halaga sa iba pang kompanya ng

microinsurance ng CARD MRI. Ito ay ang CARD MRI Insurance Agency (CaMIA) at CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI).

8-24 oras ng pagba-validate ng claims

Ang agarang pagba-
CARD MRI inihanda ang ... ► 10

Ramon Magsaysay awardee ... ◀ 1

gusto naming malaman ang mga lugar nang sa gayon ay makatulong ang CARD MRI nang hindi nasasagasaan ang mga patakaran ng mga Muslim,” ayon kay Flordeliza Sarmiento, managing director ng CARD MRI.

Ang ibig sabihin ng Shari’ah ay “God’s immutable divine law”, banal na utos na Islam, relihiyon, at etika na nagsasaayos sa mga Muslim sa buong mundo.

“Sa matagumpay na implementasyon ng Domphet Duafa sa Shari’ah Financing, tayo ay nakikianib sa mga samahan na may katulad na misyon upang matuto pa ng iba’t ibang pamamaraan upang

mapaunlad ang mga programa at serbisyo para sa mga komunidad ng Islam,” dagdag ni Sarmiento.

Ang nasabing pagbisita ay makapagpapakita ng mga estratehiya ng Shari’ah Financing at ang naging resulta nito sa mahihirap na lugar sa Indonesia at makapagbibigay rin ng kaalaman sa CARD MRI upang matulungan ang komunidad ng Islam.

Ang CARD MRI ay isa ring Ramon Magsaysay Awardee noong 2008 dahil sa misyon nitong iwaksi ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng *microfinance*. Naglalayon ang organisasyon na makapaghatid ng mga programa at serbisyong makapagpapaunlad sa bansa.



Pagpapatibay ng samahan sa ASEAN. Nakiisa si Dr. Jaime Aristotle B. Alip (kaliwa), founder at chairman ng CARD MRI sa ASEAN Business and Investments Summit (ABIS) noong 12-14 ng Nobyembre 2017, sa Solaire Casino and Hotel, Entertainment City, Manila, Philippines. Kasama niya sina Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Governor, Nestor Espenilla Jr. (gitna) at si Dr. Fer Martinez (Kanan) ng Eastern Petroleum. Sa ABIS, ang mga nangungunang *stakeholder* sa buong ASEAN Economic Community ay naglalaan ng mga pinansiyal na oportunidad sa mga bansa na kabilang sa ASEAN. Sa pamamagitan ng mga samahang ito, patuloy na pinalalawak ng CARD MRI ang saklaw nito sa ibang miyembro ng ASEAN upang mas mapagting ang oportunidad at mapalawak ang serbisyo nito sa iba pang bansa. - ni ARVI ADRIAN BORJA

Sen. Bam Aquino, hinikayat ang small at micro businesses na ipagpatuloy ang negosyo

ni LYKA CASAMAYOR



Pakikipanayam nina Sen. Bam Aquino at DJ Cheska San Diego-Bobodilla, (mga tagapanguna ng Go Negosyo sa Radyo), kina Pilar Garcia at Victoria de Torres, (miyembro ng CARD MRI) kasama si Armand Bengco, (co-founder at executive director ng Colayco Foundation for Education, Inc.), noong ika-22 ng Nobyembre 2017 sa DZRH Studio, sa Lungsod ng Pasay.

Hinikayat ni Sen. Paolo Benigno “Bam” Aquino ang mga *microentrepreneurs* sa *small businesses* na magpatuloy at pagbutihin ang kani-kanilang mga negosyo sa kanilang talakayan sa Go Negosyo sa Radyo (GNSR) noong ika-22 ng Nobyembre 2017 sa DZRH Studio sa Lungsod ng Pasay.

Ang GNSR na pinangungunahan nina Sen. Bam at DJ Cheska San Diego-Bobodilla ay nag-iimbita ng mga panauhin na magbibigay inspirasyon sa mga *small* at *microentrepreneur* na hindi mabahala sa pagtuklas ng mga pamamaraan upang mapalago ang negosyong nasimulan.

Sa tema ng GNSR na ‘Maliit na puhunan, tungo sa malaking kabuhayan’, tinalakay nina Sen. Bam at DJ Cheska ang kuwento ng dalawang negosyanteng nagsimula sa *loan* ng Php3,000 mula sa CARD Bank, Inc. na nagsilbi nilang puhunan.

Ang dalawang panauhin na sina Pilar Garcia, may-ari ng Woodburn Garden and Farm, at Victoria de Torres, may-ari naman ng Princess Rasac Garden ay parehong matagal ng miyembro ng CARD Bank. Sa programa, ibinahagi nina Garcia at de Torres ang kuwento ng kanilang pagsisimula sa negosyo hanggang sa ito ay magtagumpay.

Ang negosyo ni Garcia na Garden and Farm ay nagsimula sa isang simpleng sakahan

na naging Agri-Tourism at ngayon ay may sertipikong NC II mula sa TESDA. Bukod dito, ito ay katuwang ng Polytechnic University of the Philippines at Southern Luzon State University sa pagbibigay sa mga mag-aaral ng *on-the-job-trainings* ukol sa organikong pagsasaka.

“Nagsimula ako sa pagtitinda ng mga pangregalo, hanggang sa sinabihan ako ng mga kaibigan ko na ‘yong *farm* ko raw ay may potensyal na maging *resort* hanggang sa nagdesisyon akong magtuon sa *organic farming*,” kuwento ni Garcia.

“Parati akong bukas sa mga bagay na makapagpapaunlad sa aking negosyo, lagi akong handa sa pagbabago,” dagdag niya.

Samantala, ibinahagi naman ni de Torres ang tagumpay ng kaniyang negosyo. Nagsimula siya sa *buy-and-sell* na negosyo na ‘di naglaon ay naging *garden business* na mayroong 30 manggagawa. Sa ngayon, ang kaniyang halamanan ang *supplier* ng mga halamang itinatanim sa Vista Land, Rockwell Land, Bonifacio Global City at marami pang iba.

Kasama rin sa buong programa si Armand Bengco, co-founder at executive director ng Colayco Foundation for Education, Inc. at isa ring *financial* at *investment practitioner*.

LIKE
US ON
FACEBOOK



CARD Mutually
Reinforcing
Institutions

@CARDMutuallyReinforci
ngInstitutions

Microfinance bank handa ... 2

“Sa kagustuhan naming makapaghatid ng pinakamahusay na teknolohiya upang makapagbigay ng serbisyong pampinansyal sa mga Pilipino, lagi kaming umiisip ng posibilidad na makagawa o mapadami pa ang mapagkakakitaan ng aming mga miyembro at komunidad na aming pinaglilingkuran,” sabi ni Austria.

Pagtataguyod ng financial inclusion sa tulong ng mobile banking

“Karamihan sa mga Pilipino ay may *smartphones*. Sa tulong ng konek2CARD, nais naming paunlarin ang *financial inclusion*. Sa tulong ng *mobile application* na ito, mas naabot namin ang mga komunidad na hindi nakararanas ng *financial inclusion* at nahikayat sila dahil sa *convenient features* nito,” dagdag ni Austria.

Pinarangalan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang

CARD Bank, Inc., kasama ang CARD SME Bank, Inc. at Rizal Bank, Inc., ang tatlong institusyong pambangko ng CARD MRI, ng Gold Hall of Fame Awardee bilang Outstanding Financial Inclusion Champion.

Simula ng mobile banking

Maaaring ma-download ng kliyente ng CARD Bank na may *pledge savings account* (*micro-deposit*), at Matapat ATM account ang konek2CARD *application* mula sa *app store* at irehistro gamit ang *android phones*.

Misyon ng CARD Bank

Ipinagdiwang ng CARD Bank ang kanilang ika-20 anibersaryo ng paglilingkod sa komunidad at nangangakong magbibigay nang mas makabagong serbisyo at produkto upang tulungan ang mga kliyente nito na bumangon sa kahirapan.



Pagtutulungan at makabagong ideya, sagot sa tagumpay. Si Dr. Jaime Aristotle B. Alip (pangatlo mula sa kaliwa), ang tagapagtatag ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), ay naimbitahang maging isa sa mga tagapagsalita ng partner nitong Tao Yeu May (TYM) noong ika-6 ng Oktubre 2017. Pinuri niya ang TYM dahil patuloy nitong ginagampanan ang kanilang pangako na mabigyan ng mas pinaigting na serbisyo ang mahihirap na kababaihan sa Vietnam. Hinikayat din niya ang TYM na magbigay nang mga programang akma sa *microfinance* tulad ng *microinsurance*, *business development* at *marketing*, at *developmental services* sa kalusugan at sa edukasyon upang mas mapalawak nito ang kanilang serbisyo. Si Dr. Alip ang unang naging *technical trainer* at matalik na kaibigan ng TYM, ang kauna-unahang institusyon na *microfinance* sa Vietnam na itinatag ng Vietnam Women's Union. - ni RAFFY ANTES

CARD MBA, inilunsad ang Katuparan Plan

ni DERICK LICOP

Bilang suporta sa Savings Mobilization Program ng CARD MRI, inilunsad ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang Katuparan Plan kasabay ng kanilang taunang General Membership Meeting at Microinsurance Day noong ika-7 ng Setyembre 2017 sa CARD-MRI Development Institute(CMDI) Bay,Laguna.

Ang Katuparan Plan ay isang produktong *insurance* o seguro na isasama sa *savings product* ng CARD Banking Institutions. Magbibigay ito ng proteksyon sa pangarap savings ng bawat kasapi. Sa ilalim ng programang ito, ang kasapi ay pipili ng gustong halaga ng *savings* at termino upang mabuo ang ninanais na halaga. Bubuuin ng Katuparan Plan ang target na halaga ng *savings* ng kasapi sa panahon na ito ay bawian ng buhay o permanenteng nabaldado.

“Mula sa salitang Tagalog na katuparan, sisiguraduhin naming maisakatutuparan ang pangarap ng mga miyembro kaya ginawa namin ang produktong ito upang makapagbigay ng de-kalidad na seguro at maiparating sa kanila ang kahalagahan ng pagkakaroon nito. Bilang isang kompanya na nangunguna sa larangan ng *microinsurance*, bibigyang seguro namin ang kinabukasan ng mga miyembro lalo’t higit sa mga hindi inaasahang pangyayari,” ayon kay Eulalia Villanueva, presidente ng CARD MBA.

Pagkakaroon ng Katuparan Plan

Nagkaroon ng *pilot testing* ng nasabing produkto noong Oktubre 1, 2017 sa pamamagitan ng mga Unit ng Rizal Bank, Inc., kabilang ang Kabuhayan 1, Santa Cruz 1, Santa Cruz 2, at Pagsanjan at CARD SME Bank Sto.

Tomas 1A at Sto. Tomas 1B, Talisay 1 at 2 maging sa mga kawani ng CARD MRI.

Sa pag-avail ng produkto, kinakailangang nasa edad na 18 at hindi hihigit sa 65 sa panahon ng aplikasyon at unang pagbabayad ng *premium*, aktibong kasapi ng CARD MRI, at *depositor* ng alinmang CARD Banking Institutions.

Ayonsa general manager ng CARD MBA na si May Dawat, ang kasapi ay kinakailangang magpasa ng aplikasyon para sa pagbubukas ng savings account sa institusyong kinabibilangan. Ang *specimen card* at *contract form* ay kasabay ng aplikasyon para sa Katuparan Plan.

Maaaring pumili ang kasapi sa limang pagpipilian base sa kanilang kakayahan at nais pag-ipunan. Ang tapos ng termino ng napiling opsyon ng kasapi ay hindi dapat hihigit sa edad na 70 taong gulang.

Premium cost, product benefits, at conditions

Magbabayad din ang kasapi ng *weekly premium* kasabay ng lingguhang *savings deposit* para sa sakop ng seguro. Ang *premium* ay nakadepende sa halaga ng benepisyo ng natamong *policy* base sa napiling opsyon ng kasapi.

Bukod dito, kung ang kasapi ay nasa edad 59 pababa sa panahon ng aplikasyon, sila ay magbabayad ng Php10 kada Php1000 ng taunang benepisyo. Samantala, ang mga kasapi naman na nasa edad 60 pataas sa panahon ng aplikasyon ay magbabayad ng Php15 kada Php1000 ng taunang benepisyo.

Ang produkto ay mayroong isang taong paghihintay kung saan hindi sakop ng seguro ang pagkamatay o pagkabaldado ng kasapi dahilan sa datihang sakit sa unang taon ng Katuparan Plan. Samantala, walang benepisyong matatanggap ang kasapi maliban sa pagbabalik ng kabuuang halaga ng kontribusyon na naibayad

ng kasapi at ang kabuuang halaga ng naipong *savings* ng kasapi kasama ang interes.

Patuloy na paglikha ng mga produkto

“Sa aming ika-18 taon ng pagseseguro sa buhay ng mga Pilipino, patuloy kaming gagawa ng mga produktong makatutulong at susuporta sa aming mga miyembro. Bilang bahagi nang patuloy na paglawak ng institusyon, lagi naming isinasaisip na mas maabot pa ang mga kababayan natin na higit na nangangailangan,” dagdag ni GM Dawat.

Sa datos ng CARD MBA noong Hulyo 2017, nakapagseguro na ito ng 13.8 milyong Pilipino at may kabuuang Php575 milyong nabayarang *claims*.

Ang CARD MBA bilang *microinsurance arm* ng CARD MRI ay patuloy na gagampanan ang tungkulin nito na bigyang tulong ang mga miyembro sa pamamagitan ng *death benefits, retirement fund*, at *loan redemption assistance*.

CARD MRI microinsurance group nais pabilisin ang proseso ng pagkuha ng claims

ni JEFF TANDINGAN

Mula sa layuning mapabuti ang pagkuha ng *claims* sa Pilipinas, naglunsad ang CARD MRI *microinsurance group* ng Certified CARD Claims Adjuster (C3A) upang mapabilis ang serbisyo sa mga nakasegurong kliyente.

Ang C3A ay isang sinanay na kawani na maglalaan nang mahusay at mabilis na pag-assess ng mga *liability* ng CARD MRI *microinsurance group* sa mga kliyente nito. Nilalayon nitong mapabuti ang proseso ng pagkuha ng *insurance* sa bansa.

Batay sa datos na inilabas ng Insurance Commission, higit 26.6 milyong indibiduwal na karamiha’y mahihirap ang nabigyan ng *microinsurance protection* sa unang tatlong buwan ng 2017. “Sa pagdami ng Pilipinong may *insurance benefits*, nararapat lang na itama at pabilisin ang serbisyo sa pagdating ng diinaasahang pagkakataon sa mga pamilya,” sabi ni Vener Abellera, president at general manager ng CARD MRI Microinsurance Agency (CaMIA). Ang

CaMIA ang ahensiya ng *microinsurance* ng CARD MRI.

Ang istrategyang “8-24”

Hangad ng CARD MBA na pabilisin ang prosesso nito mula sa “1-3-5 na pamamaraan patungo sa istrategyang “8-24”.

“Ang CARD MBA ay may higit 14.1 milyong indibiduwal na nakaseguro na mula sa mga mahihirap na komunidad. Sa pagdating ng mga di-inaasahang pagkakataon, nakadepende ang mga indibiduwal na ito sa mga benepisyo na kanilang matatanggap sa asosasyon. Mula sa kanilang kalagayang pampinansyal, mas pinabuti namin ang “1-3-5” na pamamaraan na maging “8-24” istrategya- na sa loob ng 8 oras hanggang 24 oras ay kinakailangan na mabayaran ng asosasyon ang mga kliyente nito. Ito ang aming pangako sa aming mga kliyente na pinagkatiwala sa amin ng CARD MRI,” sabi ni CARD MBA General Manager May Dawat.

Naghahangad ang CARD *microinsurance group* - ang CARD MBA, CaMIA, at CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI), na magkaroon nang sapat na dami ng C3As bago matapos ang 2017. Matapos

ang sertipikasyon, ang mga kawani ng CARD MRI ay magpapakita ng kahusayan sa pagbibigay-bisa at matukoy ang *insurance claims*.

Pagtatayo ng mas matibay na pundasyon

Naglalaan ang CARD MBA ng mga *microinsurance* na pangangailangan ng mga miyembro ng apat na *financial institutions* ng CARD MRI - CARD, Inc.; CARD Bank; CARD SME Bank; at Rizal Bank, Inc., mula sa kanilang pagsali hanggang sa kanilang pagreretiro. Patuloy na pinagaganda ng CPMI ang kanilang mga produkto na *non-life microinsurance* na nakatutulong sa mga mahihirap na komunidad habang ang CaMIA ang nagbibigay ng mga produktong *non-life microinsurance* sa mga komunidad na siniserbisuhan ng CARD MRI.

Magsisilbi ang CARD MBA, CaMIA, at CPMI sa *microinsurance* na pangangailangan ng mga pamilyang nahihirapan sa hamon ng lipunan at ekonomiya sa bansa na maging handa sa mga panahong nagkakaroon ng mga diinaasahang pagkakataon.

AMEN, inilunsad ... ◀ 1

at Chairman Dr. Jaime Aristotle B. Alip. “Ang paglulunsad ng AMEN ay isang magandang oportunidad upang patuloy na umunlad at lumago ang negosyo ng ating MSMEs. Isang karangalan sa amin sa CARD MRI na maging bahagi ng makabuluhang

programang ito,” pagbabahagi ni Dr. Alip. Ang CARD MRI ay isang *microfinance* at *social development organization* na tumutulong sa mga MSMEs simula 1986. Sa kasalukuyan, tumutulong ito sa mahigit limang milyong kababaihan at sa kanilang pamilya sa Pilipinas.



SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

CARD MRI

PUBLISHING INC.

Ad Rates

SIZE	INSIDE PAGE EVEN PAGES (B&W)	INSIDE ODD PAGES (B&W)	BACK PAGE (B&W)	FULL COLOR INSIDE EVEN PAGES	FULL COLOR INSIDE ODD PAGES	FULL COLOR BACK PAGE
FULL PAGE	11,200	12,320	13,440	22,400	24,640	26,880
CENTER SPREAD	28,000					
1/2	5,600	6,160	6,720	11,200	12,320	13,440
1/4	2,800	3,080	3,360	5,600	6,160	6,720
1/8	1,400	1,540	1,680	2,800	3,080	3,360

Note: Should your Advertisements include visible photos of member or their family members, please send us a copy of their photoconsent.

Advertisement with Photos:

File Format: JPEG or PNG

Resolution: 300 dpi

For reservations:

You may contact us cardmri.publishing@gmail.com or call (049) 562-4309 loc. 108



Place your

Ads Now !

BALITANG PANREHIYON

CARD MBA, nagbukas ng ika-53 Provincial Office sa Rizal

ni LYKA CASAMAYOR



Kasama sa litrato sina CARD MBA General Manager May Dawat; Deputy Director for Operations Aristopher Punzalan; at mga kawani ng CARD MBA at RBI

Binuksan ng CARD MBA, ang *microinsurance arm* ng CARD MRI, ang ika-53 *provincial office* nito noong Oktubre 3, 2017 sa Cainta, Rizal.

Layunin ng pagpapalawak na ito na mabigyang serbisyo ang dumaraming miyembro ng asosasyon upang matugunan ang layunin na maisiguro ang 40 milyong Pilipino sa taong 2020.

Isa rin itong daan upang makapagbigay ng mas maganda at epektibong serbisyo sa pangangailangan ng mga miyembro ng *microinsurance* katulad ng *basic life insurance*, *retirement fund*, *credit life*, at *goldenlifeinsuranceprogram*.

“Ang pagbubukas ng *provincial office* na ito ang naging sagot sa matagal ng kahilingan ng mga miyembro

dahil sa malawak na operasyon ng CARD, Inc. at Rizal Bank, Inc.,” sabi ni May Dawat, CARD MBA General Manager. “Sa paglago ng bilang ng mga miyembro ng *financial institutions* ng CARD MRI, patuloy naming pagbubutihin ang pagbibigay ng pangangailangan ng mga miyembro *samicroinsurance*,” dagdag ni Dawat.

Naglalaan din ang CARD MBA ng *non-financial services* katulad ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP), *Mass Wedding*, at Build-Operate-And-Transfer (BOAT) na inilalaan sa mga kliyente ng CARD MRI at sa BOAT partners.

Samantala, nagbukas din ang CARD MBA ng ika-52 *provincial office* sa Laoag, Ilocos Norte noong ika-4 ng Setyembre 2017.

CARD SME Bank, nagbukas ng ika-23 sangay

ni LYKA CASAMAYOR

Binuksan ang ika-23 sangay ng CARD SME Bank sa GMA, Cavite noong Setyembre 25, 2017. Ang CARD SME Bank ay isang *thrift bank* at miyembrong institusyon ng CARD MRI.

Sa patuloy na paglago ng negosyo ng mga kliyente, patuloy rin ang pagtaas ng kinakailangang kapital para dito.

Sa pamamagitan ng

pagbubukas ng mga sangay ng CARD SME Bank, patuloy nitong maihahatid ang mga produkto at serbisyong para sa mga micro, small and medium enterprises (mSMEs) at makapagbibigay ng iba’t ibang *savings* at *loans* para sa mga miyembro at kliyente nito.

Depende sa pangangailangan ng mga kliyente, nagbibigay ang bangko ng iba’t ibang uri

ng *loans* tulad ng *working capital* at *investment loan* na umaabot sa PhP10,000 hanggang PhP5 milyon.

Nag-aalok din ito ng *housing* at *car loan*, at *deposit products* sa mga kliyente na gustong makaipon at

mapataas ang interes.

“Gusto naming patuloy na lumago ang mga negosyo ng MSMEs at mananatili kami sa kanilang tabi upang alalayan sila sa aspetong pampinansyal,” ayon kay Aristeo Dequito, presidente at CEO ng CARD SME Bank.

“Ito rin ay paraan namin upang matulungan ang mahihirap na pamilya at makamit ang maayos na solusyon sa pagpuksa ng kahirapan sa ating bansa,” dagdag pa niya.

Matatagpuan ang bagong sangay ng CARD SME Bank sa Poblacion I, GMA, Cavite. Handa itong pagsilbihan ang mga kliyente simula Lunes hanggang Biyernes, 8am-4pm



Pinangunahan ng presidente at CEO ng CARD SME Bank na si Aristeo Dequito ang seremonya sa pamamagitan ng pagputol ng laso sa pagbubukas ng sangay sa GMA-Cavite. Nasa larawan sina (mula kaliwa patungong kanan) Florence Castillo, AVP for Operations; May Dawat, CARD MBA General Manager; Aristeo Dequito; Ronila Padas, CARD SME Bank client; at Fr. Heral Arenal, Parish Priest.

Nais mo bang i-bida ang iyong
REHIYON?

Magpadala sa amin ng balita sa kaganapan sa inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.



Rizal Bank, nagbukas ng dalawang bagong sangay

ni DERICK LICOP



Nagbukas kamakailan ng dalawang bagong sangay ang Rizal Bank, Inc. (RBI), miyembrong institusyon ng CARD MRI.

Matatagpuan ang mga bagong sangay sa South Poblacion, Siquijor, Siquijor at sa Santiago City, City Road Calao West.

“Ang patuloy na

pagpapalawak ng RBI ay bahagi ng aming layunin na matugunan ang pangangailangan ng mga komunidad,” ayon kay Elma Valenzuela, presidente at CEO ng RBI.

“Sa ngayon, may kabuuang 253,810 kliyente na ang RBI at patuloy na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo na makatutulong sa mga kliyente nito lalo’t higit sa mga lugar

na malayo sa kabihasnan. Ang sangay sa Siquijor ay ang ikalimang sangay sa Visayas samantalang ang sangay naman sa Santiago ay ang ikalawang sangay sa Cagayan Valley.

Ang bayan ng Siquijor ay isang *fourth class municipality* sa probinsya ng Siquijor. Pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay rito ang pagsasaka, pangangisda,

paggawang *basket*, produksyon ng *banana chips*, at iba pang gawain na may kinalaman sa agrikultura. Samantala, ang Santiago City naman ay isang *first class independent component city* sa Cagayan Valley at ang pangunahing pinagkukunan ng ikabubuhay rito ay nasa komersyo.

“Ang pagbubukas ng RBI sa aming bayan ay isang patunay na patuloy kaming umuunlad. Ito ay isang malaking oportunidad sa mga mamamayan ng Siquijor na makapag-ipon at makapagsimula ng kani-kanilang negosyo,” ayon kay Kgg. Joy Lopez De Andrade, pangalawang punongbayan ng Siquijor.

“Kami ay mapalad dahil narito na ang CARD sa aming siyudad. Ang CARD kasi ay isang *one-stop-shop* kung saan maaari kang magkaroon ng iba’t ibang produkto at serbisyo mula sa maraming institusyon nito. Magkakaroon na nang mas maayos na kinabukasan ang mga kababayan ko rito sa Santiago at alam kong tutulungan ako ng CARD

MRI na iahon ang mga kapwa ko Pilipino mula sa kahirapan,” ayon kay Kgg. Joseph Tan, punongbayan ng Lungsod ng Santiago.

Sa pagbubukas noong Oktubre 23-24, 2017, ang mga kasapi ng RBI na sina Ardine Eleo ng Siquijor at Mila Bagtas ng Santiago ay nagbigay inspirasyon sa mga panauhin sa pamamagitan ng kanilang kuwento ng tagumpay kasama ang RBI. Sila ay mga kliyente na nagmula sa CARD, Inc.

“Isa sa mga hindi ko malilimutang karanasan sa CARD ay nang makasama ako sa Lakbay-Aral sa Laguna kung saan nakilala ko ang iba pang mga miyembro mula sa iba’t ibang lugar. Ang layunin kasi ng CARD ay hindi lang magpahiram ng pera kundi magbigay rin ng mga programang pangkomunidad. Ako ay natutuwa dahil mas malapit na sa amin ang serbisyo na makatutulong sa amin na ipagpatuloy ang mga nasimulang negosyo,” pagbabahagi ni Eleo.

Rizal Bank, nagbukas ng ... ► 11

Abot-kayang latrine para sa mahihirap

ni JEFF TANDINGAN

Batay sa datos na inilabas ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong Oktubre 2016, nagkaroon ng pagbaba sa bilang ng mga Pilipinong namumuhay sa kahirapan. Sa kabila ng 5% napagbaba mula 2006 hanggang 2015, marami pa ring pamilyang Pilipino ang nakararanas ng pag-unlad bagama’t mayroon pa ring bilang ng mga pamilyang walang maayos at malinis na palikuran.

Dahil sa kasalukuyang sitwasyon ng mga nakatira sa kanayunan, inilunsad ng CARD, Inc. ang *latrine loan* sa mga miyembro nito. Isang imahe ng pag-unlad ang isang malinis na palikuran para sa isang bahay,” sabi ni Jocelyn Dequito, CARD Executive Director.

Ibinahagi rin ni Dequito na ang isang maduming banyo ay maaaring magdulot ng sakit.

“Namumuhunan ang CARD sa mga programang pangkalusugan at kailangan nating bigyang pansin kung

paano natin mapipigilan ang paglaganap ng sakit,” dagdag niya.

Mayroon pa ring mga residente sa malalayong lugar sa Romblon ang walang maayos at malinis na banyo. May mga pamilyang nakikigamit lang ng banyo sa kanilang mga kamag-anak. Ang iba naman ay may banyo ngunit hindi malinis at mayroon pa ring gumagamit ng tinatawag na *open defecation*.

Isa si Tessie Galicia, 56 na taong gulang, ang lumalabas pa tuwing gabi para lang gumamit ng kanilang peligrosong banyo. Gawa sa pinagtagpi-tagping sako ang dingding ng at gawa sa pawid ang bubong nito. Nakatayo ito sa labas ng kanilang bahay.

Sa pamamagitan ng *latrine loan* madaming lokal na komunidad ang mabibigyan ng malinis at komportableng banyo kagaya ng kay Galicia. “Nagpapasalamat ako sa CARD, sa pagbibigay sa amin ng pagkakataon na magkaroon ng sarili naming banyo,” kuwento

ni Galicia. Itinayo ang kanilang banyo sa loob ng bahay at mayroon dingding na kongkreto, at maayos na bubong. “Inaasahan namin na maialis na ang *open defecation* dito sa bansa.

CARD namahagi ng SSS ... ◀ 2

kanila. Pagkatapos ng lahat, ito ay para sa kanilang proteksyon at pangunahing karapatang pantao,” ani Sarmiento.

Ang CARD, Inc. ay nakikipagtulungan din sa SSS IT Department at sa SSS Cooperative and Informal Sector Department upang matugunan ang mga mungkahi ng mga kliyente at empleyado, lalo na sa seguridad at pag-upload ng *individual premium remittances*.

“Pinaganda namin ang CARD E-System sa tulong ng SSS *collection services* at *transactions* upang matugunan at maging akma ito sa SSS E-Collection System o Web Upload Facility,” sabi ni Direktor Leron.

Ang *web-based application* na ito na binuo ng SSS para sa CARD, Inc. ay patungo na sa unang yugto ng *pilot testing* sa sangay ng SSS sa Dagupan at Vigan na nakasasakop sa mga opisina ng

Sa tulong ng maayos na banyo, naniniwala kami na mapapalayo sa sakit ang mga pamilya. Maliban sa kalusugan ng pamilya, maitataas nito ang dignidad ng mga mahihirap,” dagdag ni Dequito.

Ang CARD, Inc. ay isang miyembrong institusyon ng

CARD MRI na naglalayong maalis ang kahirapan sa bansa. Naglalaan ang CARD ng mga *microloan* upang matulungan ang mga miyembro nito sa pagtatayo ng kanilang negosyo. Nagbibigay rin ito ng mga *community development programs* na makatutulong sa pag-angat sa kahirapan.

mula sa 103,000 kliyente.

Mahigit 20,398 mga kliyente ng CARD, Inc. ang natulungan na makapagrehistro sa SSS at 20,362 ang nabigyan ng tulong pampinansiyal sa pagbabayad ng kanilang SSS *premium*. Ang CARD, Inc. ay nakakolekta ng humigit P61.6 na milyon sa kabuuang *premium* simula ng nasabing *partnership*.

Ang CARD, Inc. ay isang organisasyong nakatuon sa pag-unlad ng lipunan. Ito ay miyembrong institusyon ng CARD MRI na nakabase sa San Pablo City, Laguna at may mga opisina na matatagpuan sa buong bansa at sa ibang bahagi ng Asya. Ang mga programang nakatuon sa *microfinance* at *microinsurance* ang pangunahing produkto nito. Nagbibigay rin ang CARD, Inc. ng mga *development-oriented programs* at serbisyo na nakatuon sa kalusugan, edukasyon, kapaligiran, at pamamahala tuwing may kalamidad.

Sa pagtatapos ng taong 2017, hangad ng CARD, Inc. na makahikayat ng higit 170,000 kliyente na makapagbukas sa SSS at makakolekta ng mahigit PHP200 milyon

EDITORIAL

Ugnayan Pagtibayin, Serbisyo Palawakin

Noong ika-12 hanggang 14 ng Nobyembre 2017 ay ginanap ang ika-31 na Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Summit dito sa bansa na may temang "Partnering for Change, Engaging the World". Kaalinsabay nito ang pagdiriwang ng ika-50 na anibersaryo ng ASEAN.

Ang *summit* na ito ay dinaluhan ng mga pangulo at mga prime minister ng mga bansang kabilang sa ASEAN tulad ng Brunei, Cambodia, Laos, Indonesia, Malaysia, Myanmar, Singapore, Thailand, Vietnam at ng ating bansa. Bukod dito, dumalo rin ang mga pinuno mula sa United States of America, Canada, Japan, Australia, New Zealand, China, at European Union. Ang ASEAN summit ay ginaganap dalawang beses sa isang taon sa iba't ibang bansa na miyembro ng ASEAN at ngayong taon nga'y ginanap ito sa ating bansa.

Layunin ng *summit* na ito na mapag-usapan ng mga bansa ang kani-kanilang mga *issues* at makagawa ng mga polisiya upang ito'y matugunan. Sa ASEAN Summit ngayong taon, tinalakay ang mga usaping tungkol sa ekonomiya at kalakalan, terorismo at seguridad ng bawat bansa, sigalotsa West Philippine Sea, *sustainable development*; *climate change*, krisis ng mga Rohingya, paglabag sa karapatang pantao at iba pa.



Bilang resolusyon sa mga isyung nabanggit, tiniyak ng mga pinuno ng bawat bansa na pangangalagaan nila ang interes at kapakanan ng mga bansang miyembro ng ASEAN at ang mga mamamayan nito. Kakabit din nito ang kasunduan sa mga konkreong hakbangin ng bawat bansa upang masolusyunan ang mga isyung nabanggit.

Isa nga sa hakbanging ito ang paglulunsad ng ASEAN Mentorship for Entrepreneurs Network (AMEN) noong Nobyembre 12, kung saan nakilahok si CARD MRI Founder at Chairman, Dr. Jaime Aristotle Alip. Layunin ng AMEN na mapag-ugnay ang iba't ibang *medium, small, and micro enterprises* (MSMEs)

sa Timog Silangang Asya upang maibahagi ng bawat miyembrong bansa ang kani-kanilang mga natatanging kaalaman at karanasan sa pamumuhunan, pagnenegosyo at iba pa.

Isang magandang oportunidad ito para sa CARD MRI upang mas mapalawak pa ang mga serbisyong ibinigay nito

sa bawat Pilipino sa loob o labas man ng bansa. Sa pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya ng gobyerno at pribadong sektor at sa ugnayang pinagtitiyag ng CARD MRI sa mga bansang miyembro ng ASEAN, makakamit natin ang minimithing layunin na maiangat ang antas ng pamumuhay ng bawat pamilyang Pilipino.



SULONG!
Editorial Board

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.

Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief

Cleofe Figuracion
Managing Editor

Cyrene Grace Lubigan
Associate Editor

Raffy Antes
Jeffrey Tandingan Derick Licop
Writers

Lyka Casamayor
Arvi Borja Rica De Chavez
Writers/Layout Artist

Nilalayan ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com o cardmri.corpcomm@gmail.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala apat na beses sa loob ng isang taon tuwing kamakalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com

CONTRIBUTORS

GoNegosyo
Cristy Enriquez
RED LOGO

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

CARD Mutually Reinforcing Institutions
Official Facebook page

www.cardmri.com
Official Website

Mensahe mula sa Tagapagtatag ng CARD MRI

Dr. Jaime Aristotle B. Alip



Sa pagpasok ng taong 2018, isang pagbati ang aking nais iparating. Pagbati ng kagalakan para sa maluwalhating pagtatapos ng taong 2017. Iba't ibang pagsubok man ang kinaharap natin ngunit ito ay nalampasan dahil sa maayos na pagtutulungan at pakikipag-ugnayan ng mga kawani, kasapi, miyembro at sa lahat ng bumubuo ng CARD MRI. Ipinapaabot ko rin ang aking walang hanggang pasasalamat sa lahat ng patuloy na sumusuporta sa ating adhikain na matulungan ang ating mga kababayan at maisakatuparan ang ating misyon na iwaksi ang kahirapan sa bansa.

Maaari nating ituring na ang taong ito ay pagbubukas muli ng isang kabanata na magsisilbing gabay natin sa pagtupad ng mga pangarap ng ating mga minamahal na kababayan. Sa loob ng mahigit tatlong dekada, nagsilbi tayong kaagapay ng mahigit limang milyong miyembro sa kani-kanilang mga hanapbuhay gayundin sa aspeto ng pagtugon sa pangangailangang *insurance*. Ang ating mga programang makapagpapaunlad sa komunidad ay nagbukas din ng maraming oportunidad sa ating mga miyembro tulad ng mga *trainings* at *seminars*, programang pang-edukasyon, pangkalusugan at marami pang iba.

Sa nakaraang taon, maraming pagbabago ang naganap tulad ng pagsasaayos ng *core banking system* na makapagbibigay sa ating mga bangko nang mas maayos na sistema na nagbigay ng magandang serbisyo sa ating mga kliyente at mga miyembro. Ang pagpapalawig ng konek2CARD na isang *mobile application app* ay nagpabilis at nagpadali ng mga transaksyon.

Patuloy na tayong tutungo sa paggamit ng teknolohiya upang makasabay sa mga makabagong pamamaraan ng pagbibigay serbisyo at programa sa ating mga nasasakupan. Hindi tayo magsasawang tumuklas ng mga produktong higit na makatutulong sa ating mga kliyente at miyembro.

Dagdag pa rito, patuloy rin ang ating pagbibigay ng mga programa at serbisyo sa ating mga Overseas Filipino Workers (OFWs) dahil hangad natin na matulungan sila nang sa gayon ay maaaring hindi na sila mangibang bansa at makapagbukas ng oportunidad sa kanila na makapagtayo at makapagsimula ng negosyo sa ating bansa.

Isang panibagong taon ng hamon ngunit hindi tayo susuko sa ating misyon na magkaroon ng walong milyong kliyente na matutulungan at 40 milyong indibidwal na nakaseguro pagdating ng taong 2020. Ang hamong ito ang magsisilbing inspirasyon natin upang ipagpatuloy ang ating mga nasimulan.

Naniniwala ako na sa tulong ng 21 institusyon ng CARD MRI patuloy naming maibibigay ang mga programa at serbisyo na naaangkop sa pangangailangan ng ating mga miyembro at kliyente.

Muli, maraming salamat at masaganang bagong taon sa ating lahat. Mabuhay ang CARD MRI!

Mensahe mula sa Tagapamahala ng CARD MRI

Flordeliza L. Sarmiento



Sa pagsalubong natin sa panibagong hamon ng taong darating, dala-dala natin ang tagumpay ng bawat isa. Ang 2017 ay naging isang matagumpay na taon para sa buong CARD MRI. Unti-unti nating nakakamit ang ating adhikaing wakasan ang kahirapan sa buong bansa sa tulong ng *microfinance*. Marami tayong pamilyang natulungan upang mapaganda ang kanilang kabuhayan at napagkalooban natin sila ng panibagong pag-asa upang ipagpatuloy ang kanilang buhay.

Sa taong ito, bumuo tayo ng konsepto ng mga bagong produkto at serbisyong makasabay sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya. Nakikipagsabayan tayo sa mga pagbabago upang mas makapagbigay tayo ng mahusay na serbisyo sa ating mga miyembro. Patuloy nating pinag-aaralan ang iba't ibang sitwasyon ng ating mga miyembro upang maiakma natin ang ating produkto sa ating mga kliyente.

Nagkaroon tayong pagkakataong mas mapagting ang pakikipagtulungan sa ibang ahenysa ng gobyerno at sa mga pribadong sektor upang mas mapadali ang pagsugpo ng kahirapan sa bansa. Mas pinalalalim pa natin ang kooperasyon sa mga bansa sa Timog Silangang Asya na nagpalawak ng saklaw ng ating mga serbisyo.

Lubos nating pinalalawak ang sakop ng ating mga serbisyo upang mas maraming komunidad ang ating matulungan sa pampinansyal na pamamaraan. Nagkaroon tayo ng mga sangay at unit na naging ganap na bangko na siyang nagbigay nang mas maraming serbisyo sa mga miyembro. Nagawa natin ito dahil sa patuloy na pagdami ng mga komunidad na gustong maging miyembro ng CARD. Isang paraan ito upang patuloy nating maibigay ang pangangailangan ng mga kliyente. Nakapagbigay rin ito ng pagkakataon sa ating mga miyembro na makahiram nang mas malaki upang mas mapalago ang kanilang mga negosyo.

Mas naging handa tayo noong nakalipas na taon tuwing may kalamidad na darating sa bansa. Dahil sa teknolohiya, mas napabilis ang pagbilang at pagbibigay ng tulong sa mga miyembrong nasalanta ng mga bagyo at iba pang kalamidad. Nagkaroon tayo ng mga *online updates* sa mga nangyayari at nagkaroon ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP) at claims settlement para sa ating mga miyembro sa tulong ng *social media*.

Dahil dito, maligaya nating sasalubungin ang bagong taon, kasabay ang bagong pag-asa. Patuloy tayong lilikha ng mga bagong produkto at serbisyong lubos na makatutulong sa mga miyembro ng CARD. Sabay-sabay tayong mangangarap nang mas matagumpay na taon at mas pagbubutihin pa ang pagbibigay serbisyo upang makamit natin ang ating adhikaing wakasan ang kahirapan.

REPLEKSYON

Maria Clara, Maria Clara, nandiyan ka pa ba?!

ni CRISTY ENRIQUEZ

Paano nga ba kinikilala ang mga babae sa lipunan? Ano nga ba ang mga tungkulin at gampanin ng mga babae sa lipunang ating ginagalawan?

Noong primitibong panahon animo si Maria Clara ang mga kababaihan. Mahinhin, mayumi at kaaya-ayang tingnan. Kasuotan ay balot na balot na para

bang suman. Sa sobrang konserbatibo, talampakan, braso at mukha na lamang ang makikita mo. Sila'y hindi makabasag pinggan at masunurin sa magulang. Gawaing pambahay at pagtulong sa magulang ang inaatupag. Hindi nakikita na patambay-tambay sa labas ng tahanan upang magliwaliw. Ang tanging pinaggugugulan

ng oras ay sa tahanan kasama ang pamilya at kung hindi man sa tahanan ay sa simbahan at nagdarasal ng Aba Ginoong Maria.

Modernong panahon ay suriin din. Pananamit ngayon ay ibang-iba man din. Kapos na ba ang henerasyon ngayon sa tela? Noon panahon pa ng atin lolo't lola, tela ng kanilang baro't saya ay sobra-sobra, ngayon paiklian sa damit ang labanan ng madla. Kung makasuot ng *mini-skirt* ay wagas akala mo ay wala ng bukas. *Sleeveless* kung *sleeveless* at shorts kung

shorts minsan pa nga tawag na nila'y "Nyorts". Dibdib ay lumuluwa na, likuran ay nakikita pa, mapapasabi na lamang ng "Miss nakikitaan ka na, gusto mo ba ng tela?" Malimit na lamang makakita ng binibini na ginugugol ang oras sa kanilang tahanan, karamihan ay nasa tambayan winawaldas ang oras kasama ang kanilang mga kaibigan. Ang iba ay nagsisinungaling, magpapaalam sa magulang na, "Nay, may praktis po kami" o kaya naman ay "Nay, may *group project* po

kami" Ang magulang naman ay maniniwala, ang akala niya'y pampaaralang gawain, sa lakwatsa pala gugugulin.

Panliligaw noon ay mahaba-haba ang proseso. Bukod sa susuyuin si Binibini, kailangan din ligawan ni Ginoo si *Mommy* at *Daddy*. Simpleng panliligaw ay hindi kaagad pumapasa, kailangang mapatunayan muna ni Ginoo na seryoso siya. Aakyat ng ligaw si Ginoo, maghaharana't bibigyan pa ng rosas si Binibini, ngunit hindi ganoon kadali, lulusot

Maria Clara andyan ka pa ba ... ►10



CARD MRI patungo sa pagiging digital. Tinipon ng tagapagtatag at chairman ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang kawani ng Rizal Bank, Inc. (RBI) sa Argao, Cebu upang ihayag ang bagong direksyon ng institusyon patungo sa *digitization*. Simula noong 2015, namuhunan na ang CARD MRI sa mas *advance* na teknolohiya katulad ng *core banking system* na nagbibigay nang mas mabilis at mas matibay na serbisyo sa buong bansa. Ang CARD Bank, Inc., isa sa mga *banking institutions* ng CARD MRI, ang kauna-unahang *microfinance-oriented rural bank* sa Pilipinas na gumamit ng *core banking system*. Noong nakaraang taon, inilunsad ng CARD Bank ang konek2CARD. Maaari nilang makita ang balanse ng kanilang *account*, makapaglipat ng pera sa ibang *account*, at makita ang nakaraang mga transaksyon. Pinaalalahanan ni Dr. Alip ang mga kawani ng RBI sa Cebu na patuloy na isabuhay ang *core values* ng CARD MRI. - ni RAFFY ANTES

Maria Clara andyan ka pa ba ... ◀ 9

muna sa butas ng karayom bago makamtan ang maatamis na “OO” na siyang minimithi. Pakipot at isinasaalang-alang ang magulang bago pumasok sa isang relasyon ang dalaga noon. Minsa’y magulang pa ang siyang pumipili sa mapapangasawa ng kanilang anak noong unang panahon.

Uso pa ba ang ligawan sa panahon ngayon? Marahil sa iba ay oo ngunit madalang na lamang itong ginagawa. Ang teknolohiya na nagpapadali, nagpapagaan at nagpapabilis ng gawain pati sa panliligaw ay napapadali na rin. Ang iba ay dinadaan na lamang sa facebook messenger, text at online chat ang pakikipagrelasyon. Hindi na uso ang salitang pakipot, sasabihan lang ng lalaki na gusto niya si babae, bukas o makalawa mababalitaan na magkasintahan na pala. Ang mga babae noon ay mahawakan mo lang kahit dulo ng daliri pag nakita ka nila, tiyak kasalan ang uwi. Ngunit ang mga babae ngayon, minsan may laman na bago pa ikasal. Sinasabi ring mas bukas na ang kaisipan ng mga tao ngayon kumpara noon, malaya ng gawin ng mga kabataan ang mga nais nila

ngayon. Ikaw *open-minded* ka din ba? Tara usap tayo!

Kung dati-rati’y si Mister lang ang nagbabanat ng buto sa pamilya, ngayon ay hindi na. Ayaw pahuli ni Misis at madalang na lamang ang mga ginang na pumapayag na sa tirahan manatili at mag-alaga ng anak. Katwiran ni Misis, “Para saan pa’t ako’y nakapagtapos kung hindi ko rin naman mapapakinabangan ang propesyon na natapos?” Ika nga nila, kung kaya ni Mister kaya rin ni Misis.

Kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ang pag-usad ng pag-uugali at kultura ng mga mamamayan partikular na ang mga kababaihan hindi man lahat ng pag-usad ay nasa positibo, ngunit ika nga nila hindi magkakaroon ng negatibo kung walang positibo. Patunay lamang iyan na ang mga kababaihan ay unti-unting pumapantay sa kalalakihan.

Kaya’t ang tanong ng nakararami, asan na nga ba si Maria Clara ngayon? Makikita pa rin ba siya sa lipunan ngayon? O tuluyan ng nagkaroon ng bagong mukha ang Maria Clara natin ngayon?

CARD MRI tumulong ... ◀ 3

organisasyon sa iba’t ibang sangay ng CARD MRI. Mayroon ding nagbigay ng tulong pinansiyal upang matugunan ang pangunahing pangangailangan ng mga apektadong komunidad.

Parating handa ang CARD MRI upang

tulungan ang mga komunidad sa panahon ng kalamidad. Patuloy itong maglalaan ng mga produkto, serbisyo, at iba pang programa upang maihanda ang mga kliyente nito sa panahon ng kalamidad at gawin silang handa sa panahon ng walang katiyakan.

Libro para sa Kinabukasan



“Balikan ang kasaysayan ng Lungsod ng San Pablo”

For
Php 500

Maaaring mabili sa Mga Likha ni Inay Outlets.
Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 loc. 108 o
mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com
cardmri.publishing@gmail.com

CARD MRI inihanda ang ... ◀ 3

validate ay parte ng CARD MBA’s 8-24 hour claims payment strategy.

Ang stratehiyang ito ay nagsasaad na mabayaran ang *claims* ng mga *policy holders* sa loob ng 8-24 na oras matapos ang insidente ng pagpinsala sa kanilang buhay at ari-arian.

Credit with education

“Mayroon ding *educational program* ang CARD MRI na tinatawag na Credit with Education (CwE). Isang bagong modyul para sa *disaster management* ang naipamigay ngayong taon sa lahat ng aming *centers*. Ang CwE modules ay pinapangasiwaan ng mga account officers sa *center meetings* ng aming mga kliyente,” sabi ni Manila.

Ang *center meeting* ay isang estratehiya ng CARD MRI upang mapagtipon-tipon ang mga kliyente nito linggo-linggo at maglahad ng mga paksang lubos na makatutulong sa kanilang pamilya at mga negosyo.

Higit 10 minuto ang inilalaan para sa Credit with Education (CwE) tuwing magkakaroon ng *center meeting*. “Ang paksa tungkol sa *disaster management* ay itinuturo sa loob ng walong sesyon o humigit dalawang buwan,” dagdag ni Manila.

Lubusang umaasa ang CARD MRI na wala sa kanilang mga kliyente ang masasawi sapagkat inihanda nila ito sa mga kasanayan bago dumating, habang, at makalipas ang kalamidad.



BALITANG PANGKALUSUGAN

Generic vs Brand-name:

BotiCARD, itinaguyod ang paggamit ng generic na gamot at nagbabala sa iresponsableng pag-inom ng antibiotic

ni LYKA CASAMAYOR



Bumista sina Corporate Communications Assistant Lyka Amethyst Casamayor (kaliwa) at BotiCARD Pharmacist Alma Grace Laguardia (kanan) sa programa ni Leoncia Algire (gitna) sa DWLC Radyo Pilipinas noong Nobyembre 9, 2017.

Tinalakay ni BotiCARD Pharmacist Alma Grace Laguardia noong ika-9 ng Nobyembre 2017 sa DWLC Radyo Pilipinas sa Lungsod ng Lucena ang importansya ng mga *generic* na gamot at nagbabala sa publiko hinggil sa iresponsableng pag-inom ng mga *antibiotic* na gamot.

Tinanong ni Leoncia Algire, anchor ng DWLC kung ano ang pagkakaiba ng *generic* na gamot sa *brand* at kung bakit ito mas mura.

“Ang kaibahan ng mga *generic* na gamot sa may *brand-name* ay ang hugis, kulay, packaging, at labeling. Ito’y mga pangunahing pagkakaiba lamang. Kung sa epekto naman, wala itong ipinagkaiba sa mga *brand-name* na gamot,” sagot ni Laguardia.

Ang mga *generic* at *brand-name* na gamot ay mabibili rin sa siyam na BotiCARD *pharmacies* sa buong bansa. Paksa sa nasabing programa ang layuning maalis sa isip ng mga tao na ang mga *generic* na gamot ay hindi kasing epektibo ng mga *brand-name* na gamot.

“Mas mura ang mga gamot na *generic* kaysa

brand-name. Nagkakaiba lang ang presyo nito depende sa presyong binibigay ng mga gumagawa ng mga gamot,” pagpapatuloy ni Laguardia.

Bukod pa rito, nabanggit din ni Laguardia ang masamang dulot ng iresponsableng pag-inom ng mga *antibiotic*.

Ayon sa kaniya, ang *antibiotic* ay gamot na nakatutulong upang matigil ang impeksyon dulot ng bakteriya. Mayroong mga *antibiotic* na *generic* at *brand-name* ngunit ang mga ito ay higit na nakasasama kaysa nakatutulong kung hindi maayos na nagamit.

“Kailangang maging maingat ang publiko sa pag-inom ng *antibiotic*. Para mas ligtas, ugaliing magtungo muna sa kani-kanilang mga doktor bago uminom ng kahit anong uri ng gamot,” dagdag ni Laguardia.

Ang BotiCARD ay isang miyembrong institusyon ng CARD MRI na nabuo noong Pebrero 2011 dahil sa nakitang pangangailangan ng mga kliyente ng CARD habang isinasakatuparan ang programa nitong **p a n g k a l u s u g a n .**

Rizal Bank, nagbukas ng bagong sangay ...

Sa kabilang dako, ibinahagi naman ni Mila Bagtas kung paano nakatulong ang CARD sa pag-aaral ng kaniyang mga anak.

“Sa pamamagitan ng programang iskolarship ng CARD, napag-aral ko ang aking anak na kasalukuyang kumukuha ng kursong BS in Civil

Engineering. Ang CARD din ang sumusuporta sa akin upang mapanatili ko ang aking maliit na tindahan,” saad ni Bagtas.

Ang CARD, Inc. ay isang *social development* na organisasyon na nagbibigay na **p a n g m a l a w a k a n g** serbisyo na makapagpapaunlad

sa pamumuhay ng pamilyang Pilipino. Tulad ng iba pang institusyong pambangko ng CARD MRI, ang RBI ay nag-aalok ng mga *microfinance* loans tulad ng Sikap 1, Sikap Additional, Microfinance Plus, Kabuhayan Loan Program, Agri Loan, at Housing Loan.



Wakasan ang kahirapan sa tulong ng proteksiyon sa kalusugan. Nagkaroon ng *community health fairs* noong Nobyembre 2017 na binuo ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa Bukidnon, North Cotabato, Lanao del Sur, Davao del Sur, Agusan del Sur, at Surigao del Sur upang patuloy na tumugon sa pangangailangan sa kalusugan ng mga komunidad na saklaw nito. Ang programa sa proteksiyon ng kalusugan ang naging daan upang mapagtibay ng CARD MRI ang pagsugpo sa kahirapan sa bansa. Ang mga *community health fair*, libreng medikal, *dental*, at optikal ay serbisyong ibinibigay sa publiko. Ang pagsisikap na ito ay naging panghikayat sa publiko upang makabili sila ng gamot at *anesthesia* para sa serbisyo sa *dental* na may deskuwento. Sa kasalukuyan, may 6,200 na ang nakinabang sa mga serbisyo na ito. Sa Mindanao, mahigit 24,900 indibiduwal ang naabot ng CARD MRI sa tulong ng programang pangkalusugan. - ni RAFFY ANTES



Get your copies
in our Sulong
Outlets !



Hotels & Establishments:

San Pablo Museum ● Gapit Fruit Farm and Resort ● Eurotel Naga ● Andal's Barrio Meals ● Arabelle Suites ● Jamilla's Pension House ● Bahag Footwear ● Kamayan Penthouse Beach Resort ● Forest Wood Garden ● Reyna's Haven and Gardens ● Kamayan at Palaisdaan Restaurant ● Quezon Premier Hotel (Domoit, Lucena) ● Quezon Premier Hotel (Candelaria, Lucena) ● Quezon Premier Hotel (Pansol, Calamba City) ● Kamhantik Hotel ● Ang Tahanan ni Aling Meding ● Cebu Business Hotel ● Dumaguete Royal Suite Inn ● Laresio Lakeside Resort ● Orchid Hotel ● Hotel Necita

Schools & Universities

UPLB - CDC ● Laguna University ● South East Asia Interdisciplinary Development Institute ● Laguna Colleges ● Kintner Christian Academy ● TESDA ● AIM Convention Center ● MSC Institute of Technology ● Open Door Christian Academy ● Little's People School ● St. Joseph School ● Canossa College University of Negros Occidental-Recoletos ● University of Pangasinan Development Academy of the Philippines (Pasig, Manila) ● Development Academy of the Philippines (Tagaytay) ● Development Academy of the Philippines (Davao)

Terminals & Local Government

Municipal Hall of Sta. Cruz, Laguna ● Municipal Hall of Bay, Laguna ● City Hall of Tacloban ● Bicol Central Station ● Pangasinan Solid North Dagupan Terminal

BALITANG PANG-EDUKASYON

CMDI, namahaging pagmamahal sa mga iskolar

ni ARVI ADRIAN M. BORJA

Ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), isang miyembro ng CARD MRI ay nakalikom nang higit PHP299,156 para sa CMDI LOVE Fund sa ikalawang bahagi ng taong 2017. Matapos itong ilunsad noong Abril, ipinagpatuloy ng CMDI ang tulong sa mga miyembro upang mabigyan ng dekalidad na edukasyon ang kanilang mga anak sa tulong ng LOVE fund.

“Lagi naming isinasaalang-alang na walang estudyanteng hihinto sa pag-aaral, ano man ang estado nito sa buhay,” mula kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Tagapagtatag at Chairman ng CARD MRI. “Edukasyon ang susi para sa magandang hinaharap ng pamilyang

Pilipino,” dagdag niya.

Naging inspirasyon ni Dr. Alip ang isang *fund raising activity* ng mga estudyante sa isa niyang paglalakbay sa Cambodia kasama ang kaniyang asawa na si Annie Alip. Ang bakal na bumubuo ng mga letrang L-O-V-E ay lubusang tumatak sa kaniyang puso upang simulan ang kaparehong programa sa Pilipinas.

Inilunsad ang CMDI LOVE Fund sa selebrasyon ng ika-60 kaarawan at pagreretiro ni Dr. Alip. Nagtayo ng isang *booth* para sa CMDI LOVE fund program, kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang mga *sponsor* na magbigay ng kahit anong halaga para sa pondo ng mga iskolar ng CMDI.

Nagbigay din ng maikling mensahe ang mga *sponsor* upang maging motibasyon ng mga estudyante at iskolar.

Ang pagbibigay o pagkakaloob sa LOVE fund na ito ay nakasanayan na ng buong CARD MRI tuwing may aktibidad, selebrasyon o pagsasama-sama ang mga institusyon.

Patuloy ang CARD MRI na mamamahagi ng pagmamahal sa 9,577 iskolar nito upang mabigyan sila ng pagkakataong makapag-aral at makamit ang kanilang pangarap. Sa tulong ng CMDI LOVE Fund, hangad ng CARD MRI na matupad ang programang “One Family, One Graduate” upang maging suporta sa pagsugpo ng kahirapan sa tulong ng edukasyon.

CMDI, nakianib sa PICPA upang makapaglaan ng capacity building programs sa mga kliyente ng CARD

ni JEFF TANDINGAN



Dumalo sa seremonya (mula kaliwa patungong kanan) sina Estelita Aguirre, Executive Director ng PICPA; Atty. Zenaida Alcantara, National President ng PICPA; Flordeliza Sarmiento, CARD MRI Managing Director at CMDI President; at Dr. Jaime Aristotle Alip, CARD MRI Founder at CMDI Chairman.

Nakipag-ugnayan ang CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) sa Philippine Institute of Certified Public Accountants (PICPA) upang hubugin ang kakayahan ng mga indibidwal na maaaring mag may-ari ng *micro, small, and medium enterprises* (MSMEs).

Mula sa naging *memorandum of agreement*

sa PICPA's 72nd Annual National Convention na ginawa sa Philippine International Convention Center, Manila noong ika-23 ng Nobyembre 2017, maglalaan ang organisasyon ng mga Training of Trainers (ToT) sa CMDI upang makapaglaan ng mga pamamaraan at bagong teknolohiya sa larangan

ng *financial management*.

Nilalayon din ng *partnership* na ito na paunlarin ang katayuan sa pananalapi ng mga mahihirap na pamilya sa tulong ng *capacity building programs* upang mapagtibay ang kanilang kapasidad sa *financial management* sa larangan ng *accounting, bookkeeping, financial*



CARD MRI
Hijos Tours Inc.
Experience our city,
our heroes, and our history

For inquiries, please contact us at (049) 562-4309 local 108 or email us at cardmri.hijostours@gmail.com/
cardmri.corpcomm@gmail.com

statements, at financial ratios. Ito ay para mapaunlad at matulungan ang *micro-entrepreneurs* na maging matagumpay na MSMEs.

Ang CMDI ay miyembrong institusyon ng CARD MRI na may layuning makapagbigay ng positibong pagbabago sa ekonomiya at kalagayan sa lipunan ng mga kliyente sa tulong ng edukasyon at *capacity building programs*. Samantala, ang PICPA ay isang organisasyon ng mga *certified public accountants* sa bansa na nagtataguyod, at pinananatili ang mataas na pamantayan ng *accountancy profession*.

“Determinado ang CMDI na itaas ang kakayahan ng 4.8 milyong kliyente ng CARD

MRI sa pagnenegosyo,” sabi ni CMDI President Flordeliza Sarmiento.

Ibinahagi rin ni Sarmiento na sa pagbibigay ng access sa *financial management skills* para sa kapital ng negosyo ay makatutulong sa mga MSME na paunlarin, at palawigin ang kanilang negosyo.

“Sa tulong ng PICPA, positibo kami sa magandang resulta ng pagsisikap. Lagi naming isinasaalang-alang ang pangangailangan ng aming mga kliyente at humahanap kami lagi ng paraan upang ito ay matugunan,” sabi ni CARD MRI Founder at CMDI Chairman Dr. Jaime Aristotle Alip.

KUWENTO NG TAGUMPAY

Simpleng Pangarap

ni LYKA CASAMAYOR



Lahat tayo ay may pangarap. Lahat tayo ay nangangarap na maabot ang mga bagay na magpapasaya sa atin at ng mga taong pinahahalagahan natin sa ating buhay. Ngunit kadalasan, ang mga ito ay nananatiling pangarap lamang dahil sa ating pagsuko o sa takot na sumubok. Minsan, akala natin ang pangarap ay nagkakatotoo lamang sa mundo ng mga

panaginip. Ito ang reyalidad ng buhay para sa nakararami ngunit ayon kay Austria Peliz, 55, at Judith Soliweg, 43, ang realidad ay mali, ang pangarap ay nilikha upang isakatuparan. Sila ang mga mukha ng mga kababaihang walang takot sumubok maabot lamang ang pangarap na makaahon mula sa kahirapan.

Si Austria Perez o mas kilala sa pangalang Tonet

ay naging hanapbuhay na ang paggagantsilyo mula pa noong taong 2003. Ito ay natutuhan niya nang ito ay ipinagawa ng guro nila sa elementarya bilang proyekto. Simula noon ay nakahiligan na niya ang paggawa nito at napagtanto niyang kailangan pa niyang matuto dahil ang paggagantsilyo ay maaari na ring pagkakitaan maliban sa pagiging libangan. Kaya

naman, nagsimula siya sa P2,000 lamang na puhunan.

Taong 2007, narinig niya ang CARD Bank, Inc. at naintindihan niya na ng mithiin ng institusyon ay makatulong na maibsan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagpapahiram ng puhunan o pandagdag-puhunan sa mga nais pangumangat ang negosyo. Sa ngayon, nadagdagan pa ang kanyang puwesto sa Mines View Park, Baguio City ng dalawang puwesto. Ito ay kumikita ng 1,000-2,000 araw-araw sa mga ordinaryong panahon at mas lumalaki pa sa tuwing *peak season*.

“Nagustuhan ko ang CARD dahil maliban sa malaking tulong sa *business* ko at sa aking buong pamilya ay maganda at marami rin ang mga benepisyo,” ani Tonet.

Siya na ngayon ay isa sa *stockholders* ng CARD Bank at pati ang kanyang asawa ay tatlong taong kasapi na rin sa parehong *center*.

Isa pang nagpakita ng tapang at tiyaga ay si Judith Soliweg na mas kilala sa tawag na Juds sa Binanga, Benguet. Nang matutuhan niya ang paggawa ng *native slippers*

mula sa mga kapamilya ay naisipan na niyang magsimula ng sariling negosyo. At ang negosyo namang ito ay kumikita ng higit pa sa inaasahan. At sa tulong ng CARD, nakapag-angkat siya ng dagdag materyales para sa tsinelas, tulad ng *rubber* at *native cloth* na gawa ng mga katutubong Ifugao. Nagsimula siyang gumawa ng mga tsinelas noong 2001 na ibinibenta sa halagang P35 lamang at tinatangkilik ng karamihan sa mga turista ng lugar. Sa loob ng tatlong taon ng pagiging kasapi ng CARD Bank, Inc., nasubaybayan ang paglago ng kanyang negosyo na sa kasalukuyan ay kumikita ng P10K-15K sa bawat araw tuwing panahon ng bakasyon.

“Ang CARD talaga ay nakatutulong sa aking negosyo. Lumago at lumalago pa ito, salamat sa CARD,” ayon kay Juds.

Tulad ni Tonet at Juds, ang mga pangarap natin ay maaring maisakatuparan sa pamamagitan ng tiyaga at tapang, dahil ang mahalaga ay ang magsimula, at ang pagbabago at pag-unlad ay nagsisimulasimplengmithiin.

Tamis ng Tagumpay

ni ARVI ADRIAN M. BORJA

Pangarap ng isang negosyante ang mabilis na pag-angat at paglago ng kaniyang negosyo. Lahat ay nagsisimula sa maliit na kapital, hanggang lumago ito. Isa si Tita Jane Bacatan sa mga miyembro ng CARD sa Pinamalayan, Oriental Mindoro. Sa buong buhay niya sa pagnenegosyo, ang CARD ang kaniyang naging kaagapay. Naging miyembro ng CARD si Tita Jane noong 1997 at doon nagsimula ang kaniyang pakikibaka kasama ang CARD.

Isang ordinaryong pamilya ang kinabibilangan ni Tita Jane. Kilala ang kaniyang pamilya sa paggagawa at pagtitinda ng “dirty ice cream” sa buong Pinamalayan dahil sa kanilang ama. Hanggang sa inako ito ng kaniyang kapatid na lalaki noong namatay ang kanilang ama. Nang nagkaasawa si Tita Jane, nahikayat din ang kaniyang mister sa

paggawa at pagtitinda ng *ice cream*. Dahil sa Maynila sila tumira, sinubukan nilang magbenta doon ng *ice cream*. Ngunit sa kahirapan ng pamumuhay, napilitan silang umuwi sa Pinamalayan. Nang mamatay ang kaniyang kapatid na lalaki na namamahala ng kanilang pagawaan ng ice cream, inako na ni Tita Jane at ng kaniyang asawa ang paggagawa at pagtitinda.

Sa halos 10 taon ng kanilang paggagawa at pagtitinda ng *ice cream*, nakasama ni Tita Jane ang CARD. Umutang siya ng PhP6,000 para sa karagdagang kapital. Maraming beses na nag-loan si Tita Jane sa CARD. Bawat *loan* niya, dinadagdagan niya ng PHP 1,000. Ginamit niya ang mga *loan* na ito upang makabili pa ng karagdagang makina, *cooler*, at mga motorsiklo. Umabot sa PhP100,000



ang kaniyang *loan* sa CARD.

Mabilis na lumago ang negosyo ng mag-asawa. Napagtapos nila sa kolehiyo ang kanilang tatlong anak. Nakapagpundar sila ng sariling bahay, sasakyan, lupa para sa kanilang pagawaan, at pormal na nairehistro ang kanilang negosyo. Hanggang ngayon ay labis ang pasasalamat ni Tita Jane sa CARD

dahil sa tulong na hatid nito sa kaniyang pamilya.

Dahil sa kagalakan at pasasalamat ni Tita Jane sa mga biyayang ipinagkaloob sa kaniya, gumawa siya ng paraan na mapamahagi rin ang biyayang ito sa ibang tao. Tumanggap siya ng mga tauhan upang makatulong na mabigyan ng trabaho ang kanilang mga kapitbahay. Tinuruan ng

kaniyang asawa ang mga ito kung paano gumawa ng *ice cream*. Tinulungan din nila ang kanilang mga tauhan na magkaroon ng mga motorsiklo upang magsilbing serbis sa pagtatrabaho at pag-uwi. Sa bawat kita nila sa buong araw, talagang binabahaginan niya ang kaniyang mga tauhan

Alang-alang sa Pamilya

ni DERICK LICOP

Iba't ibang eksena sa kalsada; kaliwa't kanang siksikan ng mga tao at sasakyan kasabay ng nakabibinging ingay ng kapaligiran. Mga normal na tagpong maituturing sa lugar kung saan karamihan ng tao ay naroroon upang mamili.

Ito ang araw-araw na kinahaharap ng 33 taong gulang na si Rosalyn Yara ng Sampaloc, Manila. Isang magtitinda ng *wallet*, *face mask*, at *tape* sa Divisoria.

"Bili na kayo diyan! Bente bente lang," ang kaniyang sigaw sa araw-araw na pagkayod upang maitaguyod ang kaniyang pamilya.

Nagkaroon ng pamilya si Rosalyn sa edad na 19, kaya naman maaga siyang namulat sa realidad ng

buhay. Mayroon siyang maliit na tindahan noon na pinagkukunan ng kanilang pangangailangan ngunit hindi ito naging sapat nang lumaki na ang kaniyang pamilya. Hanggang sa naisipan niyang magtayo ng isang negosyo na sa tingin niya ay makatutulong ng higit sa kanila.

"Simula noong bata pa ako, tumutulong na ako sa aking nanay sa pagtitinda kaya naman nahilig na rin ako sa ganitong uri ng negosyo. Mahirap ang buhay at ito ang dahilan ng pagsusumikap ko upang matugunan ang pangangailangan ng aking pamilya," ayon kay ni Rosalyn.

"Pinatigil ako ng aking asawa sa

pagtitinda sa aming sari-sari *store* kasi maliit ang kita. Kaya nagdesisyon akong mamuhunan upang makapagtinda sa Divisoria," dagdag niya.

Taong 2010 nang maging miyembro si Rosalyn ng CARD, Inc. Sampaloc Unit sa Maynila. Ito ang naging katuwang niya sa pakikibaka sa buhay. Nagsimula siyang makapagloan ng Php3,000 na ginamit niya bilang dagdag puhunan sa negosyo niya ngayon.

"Sa tulong ng CARD, naitayo ko ang negosyong nais ko. Malaking tulong ito sa akin upang maipagpatuloy ko ang aking nasimulan," ani Rosalyn.

Sa kasalukuyan, umabot na sa Php20,000 ang loan ni Rosalyn.



Kumikita na rin siya ng Php500-Php700 na sapat sa araw-araw nilang gastusin. Katuwang rin niya ang kaniyang asawa sa pagtataguyod ng kanilang pamilya na isang *welder* ng isang kompanya.

Nang dahil din sa CARD, malaki ang naitulong nito upang masuportahan ang pag-aaral ng kaniyang limang anak na nag-aaral sa elementarya at sekundarya. Bukod pa rito, mula sa kaniyang *loan*, naipagamot din niya ang kaniyang kapatid na may sakit sa puso.

"Malaki talaga ang aking pasasalamat sa CARD dahil kung wala ito, baka hindi ko na alam kung kapiling ko pa ang kapatid ko ngayon. Nagkaroon kasi ng sakit sa puso ang kapatid ko

at kailangan niyang maipagamot noon, buti na lamang at nandiyan ang CARD. Kaya naman ng makaloan ako, hindi na ako nagdalawang isip na ipadala ito sa aking kapatid upang maipagamot siya," salaysay ni Rosalyn habang umiiyak.

Sa ngayon, aktibong miyembro pa rin si Rosalyn ng CARD na ayon pa sa kanilang *account officer* ay isa sa may pinakamahusay na *performance* pagdating sa pagbabayad sa nahiram sa salapi.

K a h a n g a - h a n g a ang tulad ni Rosalyn. Isa siyang magandang ehemplo sa kapwa niya kababaihan na nagpakita ng tunay na kahalagahan ng pagmamahal sa pamilya.

Supermom: A story worth telling

Len Marie M. Gonzon knows the word 'challenging' all too well. She and her husband were in a single income household, trying to make ends meet raising their four children. Len found out that one of their children had a genetic disorder and she knew that she had to be present and will have to be the child's source of strength and support. Another trial hit the family when this child had leukemia and had to undergo chemotherapy.

Already emotionally distraught, Len and her husband realized that due to their many challenges, they cannot sustain their family's financial needs with just one income alone. Len had to find a way to earn while still being able to stay at home to take care of their child. She started a small fishball stall with capital she borrowed from CARD, Inc. Little by little, they were able to provide for some of the needs of their three children, however, they still needed more due to the procedures and therapy needed for her special child.

A dramatic change happened when a member of RED LOGO, a direct selling company, visited



their community's center for recruitment. She became interested and decided to apply as a Fashion Professional. Due to her hard work and dedication, she was promoted to a Business Manager Level in just three months. Just this year, she was again promoted to Business Director Level, whose highest monthly sales could climb up to Php 180,000. Half of it comes from selling the products and the other half comes from her downline dealers.

On top of it all, Len was able to put up her own RED LOGO boutique through additional capital loan from CARD, Inc. According to Len, looking at her boutique is like looking at her greatest dream. She never once thought that

an opportunity like that would ever come to her. Her husband resigned from his job and now helps Len with her business and with taking care of the family.

Len earns more than what she had ever imagined but more importantly, she is a full-time mother and wife, and a source of strength for her special child who needs her more than anything. Despite all the difficulties in her life, Len rose up to the challenges and made it. She is indeed a super mom.

RED LOGO supports CARD MRI's mission of empowering women by sourcing some of its items from Mga Likha ni Inay.

Tamis ng Tagumpay ... ◀ 13

nang sapat at pantay-pantay na sahod.

Isang ehemplo si Tita Jane ng pagpapakita ng malasakit sa kapwa. Noong panahong nakaaangat na siya, hindi niya hinayaan na hindi maibahagi ang mga biyayang ito, upang makatulong at maiangat din ang kabuhayan ng kaniyang mga kapitbahay. Sa loob ng 10 taon na pagiging miyembro

ng CARD, makikita sa karanasan ni Tita Jane na ang pagsusumikap at ang pagmamalasakit sa kapwa ay isang magandang halimbawa na dapat linangin. Sa "*Speed Ice Cream*" ni Tita Jane kasama ang CARD, sigurado niya ang mabilis at patuloy na paglago ng negosyo ng kaniyang pamilya.

CARD MRI, kinilala ang mga nagwagi sa PsMLNI 2017

ni RICA MAY DE CHAVEZ



Makikita sa larawan ang mga nomindo at nanalo sa PsMLNI Awards 2017, kasama ang Executive Committee at Senior Adviser ng CARD MRI.

GINANAP NG CARD MRI ang “Pagkilala sa Mga Likha Ni Inay” Awards 2017 noong ika-6 ng Disyembre 2017 sa CMDI Bay Campus. Ito ay ang taunang pagpaparangal at pagbibigay pugay sa mga kasapi ng CARD MRI na nagpakita ng husay at sipag sa kanilang pagnenegosyo. Sila rin ang mga kasapi na sa kabila ng naabot na tagumpay ay nagpakita ng taos-pusong pagtulong sa kapwa.

Ang mga kategorya para sa taong 2017 ay ang pangunahing parangal na Gawad Maunlad, at espesyal na mga parangal na Gawad Malikhain, Gawad Masigasig, Community Service Award, at ang bagong kategorya na Family Enterprise Award. Ang mga naging nominado sa mga kategoryang ito ay dumaan sa inisyal at pinal na pagpili na isinagawa ng PsMLNI award committee na binubuo

ng mga kinatawan mula sa CARD MRI Audit unit, CARD MBA, MLNI, CARD MRI ExeCom, DTI, DOST at mayroon ding mula sa mga matatagumpay na miyembro.

Ang lahat ng mga finalist ay nakatanggap ng sertipiko, *cash prizes*, MLNI at BotiCARD gift certificates, palumpon ng bulaklak at nagkaroon din sila ng Hijos de San Pablo Tour noong ika-5 ng Disyembre 2017.

Para sa espesyal na mga parangal, itinanghal na Gawad Masigasig Awardee si Rosario A. Agarin ng CARD Bank Sipocot; para sa Gawad Malikhain ay si Carmela J. Delfin ng CARD, Inc. Midsayap; ang Community Service Awardee naman ay si Rosanna L. Nesperos ng RBI Cainta, at si Juliana E. Aramil naman ng CARD Bank San Pablo ang nagwaging Family Enterprise Awardee. Silang lahat ay tumanggap ng *cash prizes*, *computer package*, at *plaque*.

Ang mga nagwaging Gawad Maunlad naman ng bawat pampinansyal na institusyon ng CARD MRI ay sina Carmela J. Delfin ng CARD, Inc. Midsayap; Rosemadelyn M. Dela Marquez ng CARD Bank Victoria; Irene A. Fadullo ng CARD SME Bank Lipa, at Ranelyn G. Villahermosa ng Rizal Bank Taytay. Ang bawat isa sa kanila ay tumanggap din ng *cash prizes*, *computer package* at *plaque*.

“Hindi ko inakala na ang dalawang libong *loan* ko noong 1997 ang makapagpapabago ng buhay namin. Maraming salamat CARD!” Ilan sa mga

katagang laman ng mensahe ni Rosemadelyn Dela Marquez na siyang itinanghal ng Gawad Maunlad National Awardee. Higit pa rito ay ibinahagi rin ni Rosemadelyn na sa tulong ng CARD, ang noong 1/4 ektarya na lupang nakuha niya mula sa unang *loan* noong 1997 ay naging 97 ektarya na sa ngayon. Nagpapasalamat din siya sa lubos na suporta ng CARD MRI sa kanya at sa kanilang negosyo.

Lubos namang ipinabatid ni Mary Jane Perreras, CARD SME Bank Senior Management Adviser, ang kaniyang pagbati at pagkilala sa mga mahuhusay na kasapi. Ibinahagi pa niya na naabot ito ng ating mga kasapi dahil na rin sa pagtutulong tulong nila sa pamilya at sa lubos ng suporta ng kani-kanilang mga kabiyak sa buhay. “Higit sa mga pamilya po ninyo, kami, sampo ng CARD MRI, ay *proud* na *proud* at masaya na nakasama namin kayo ngayong gabi, dagdag niya.

Patuloy namang magbibigay-pugay at pagkilala ang CARD MRI sa mga kasapi nito dahil sila ang nagsisilbing inspirasyon sa pagtupad ng layunin nitong sugpuin ang kahirapan sa Pilipinas.

CARD MRI pinarangalan ang mga Natatanging Kawani 2017

ni RICA MAY DE CHAVEZ

“I believe that CARD MRI is the best!” Ito ang isa sa mga panimulang pagpapakilalang nabanggit ng mga Natatanging Kawani finalist noong ika-8 ng Disyembre 2017 kung saan ginanap ng CARD MRI ang Natatanging Kawani Awards sa CMDI Bay Campus. Ang Natatanging Kawani Awards ay ang pagbibigay parangal ng CARD MRI sa mga kawani na nagpakita ng angking husay, dedikasyon at sipag sa kani-kanilang trabaho.

Sa pagsisimula ng programa, nagbigay ng paunang pagbati ang CARD MRI Founder at Chairman na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip. Ngayong taon ay mayroong dalawang bagong kategorya para sa Natataning Kawani, ang Unit Manager Category at Area Manager Category. Ito ay karagdagan sa mga dating mga kategorya ng Account Officer Category at Admin/Support Staff Category. Mula sa kani-kanilang unit ay masinsinang pinili at sinuri ang mga mahuhusay na kawani. Ang mga napiling

finalist naman ay dumaan sa isang *panel interview* na pinangunahan ng mga hurado na sina Irma Nuevo, Managing Consultant for CARD MRI Support Services; Solomon A. Aramil, CARD MBA Senior Admin Manager; Charissa M. Adorna, Deputy Director for Audit-OIC; at mga Board members na sina Ellen Arciaga at Lina Barreto.

Ang mga nanalong Natatanging Kawani para sa bawat institusyon ay sina Area Manager Jan M. Alferez ng CARD, Inc. Misamis Oriental 2 Area, Account Officer Nellisa I. Dalangin ng CARD Bank Roxas 1 Unit, Area Manager Jelyn C. Maranan ng CARD SME Bank Lipa Area at Area Manager Mary Dacel S. Sanginez ng Rizal Bank Bayawan Area. Tumanggap silang lahat ng *cash prizes* at *gift certificates* mula sa Mga Likha Ni Inay at BotiCARD.

Ang itinanghal na Gold Awardee para sa Account Officer Category ay si Cristy M. Galler ng CARD, Inc. Tagoloan 3 Unit. Sinundan naman ng



Pinangunahan ni CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento (gitna) kasama si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Founder at Chairman ng CARD MRI (kanan ni Sarmineto) ang taunang pagkilala sa Natatanging Kawani sa taong 2017. Kabilang sa dumalo ay ang mga Executive Committee at Senior Advisers ng CARD MRI.

Silver Awardee na si Gracy Faith G. Pascua ng CARD, Inc. Hinigaran Unit, at ang Bronze Awardee naman ay si Nellisa I. Dalangin ng CARD Bank Roxas 1 Unit.

Para sa Unit Manager Category, nagwaging Gold Awardeesi William A. Nastor ng CARD, Inc. Mahaplag 2 Unit, ang Silver Awardee ay si Ryan T. Cabrera ng CARD, Inc. Tubod 2 Unit at si Rogelio C. Cuevas

Jr. naman ang itinanghal na Bronze Awardee.

Sa Area Manager Category naman, ang nanalong Gold Awardee ay si Jan M. Alferez ng CARD, Inc., sinundan ng Silver Awardee na si Domingo T. Saberon Jr. ng CARD, Inc. Butuan at ang Bronze Awardee naman para sa kategoryang ito ay si Jelyn C. Maranan ng CARD SME Bank Lipa Area.

Bilang pagtatapos ng programa, nagbigay si Flordeliza Sarmiento, CARD MRI Managing Director, ng pasasalamat sa mga *finalist*, nagwaging kawani at pati na rin sa lahat ng kawani ng CARD MRI dahil sa patuloy na pagsusumikap, lubusang dedikasyon at pagtutulong-tulong na maabot ang mahahalagang layunin ng CARD MRI para sa mga kasapi at sa bansa.

CARD, magbibigay ng financial literacy service sa Dubai

ni DERICK LICOP



CARD MRI Founder and Chairman, Dr. Jaime Aristotle B. Alip (gitna) kasama sina CARD-Business Development Service Foundation President and CEO, Mr. Julius Adrian R. Alip (kanan); Consul General Paul Raymund P. Cortes (katabi ni Dr. Alip); at Vice Consul Elizabeth P. Ramos (kaliwa).

Nakipagpulong sina CARD MRI Founder at Chairman, Dr. Jaime Aristotle B. Alip at CARD-Business Development Service Foundation Inc. (CARD-BDSFI) President Julius Adrian R. Alip sa Philippine Consulate General sa Dubai, UAE noong Nobyembre 2, 2017 upang pag-usapan ang planong programa ukol sa financial literacy para sa mga OFW sa nasabing bansa.

Maayos na tinanggap nina Consul General Paul Raymund P. Cortes at Vice Consul Elizabeth P. Ramos ang planong programa ng CARD MRI at maging ang

pagkakaroon ng opisina ng CARD MRI sa Dubai.

Nagkaroon din ng pagkakataon si Dr. Alip na makaharap muli ang mga dating kawani ng CARD MRI na ngayon ay nakabase na sa Dubai. Bukod dito hinikayat nila ang tagapagtatag ng CARD MRI na bumuo rin ng mga programa tulad ng sa Hongkong.

Patuloy na palalawigin ng CARD MRI ang presensya nito sa ibang bansa upang makapagbigay ng mga serbisyo at programang higit na makatutulong sa iba.



CARD-MRI Development Institute, Inc. is now accepting enrollees and transferees for SY: 2018-2019

COLLEGE

- BS Accountancy
- BS Entrepreneurship with Specialization in Microfinance
- BS Information System

SENIOR HIGH SCHOOL (SHS) STRANDS

- Accountancy, Business, and Management (ABM)
- Computer Programming (Information and Communication Technology)

TECHNICAL VOCATIONAL

- Microfinance Technology National Certificate II (Training and Assessment)

CMDI builds:

- Competency
- Mastery
- Differentiation
- Integration



FOR MORE INFORMATION CALL, TEXT, OR VISIT:

OFFICE OF THE REGISTRAR
CARD-MRI Development Institute, Inc.
Brgy. Tranca, Bay, Laguna

Landline : (049) 573 0031 Email : card.cmdi@cardbankph.com
Mobile : 09478902759 Website : www.cmdi.edu.ph

ADMISSION REQUIREMENTS

Senior High School	College
Duly accomplished Admission Form	Duly accomplished Admission Form
2 pcs. recent 2x2 ID photo (student)	2 pcs. recent 2x2 ID photo (student)
2 pcs. recent 2x2 ID photo (parents)	2 pcs. recent 2x2 ID photo (parents)
Philippine Statistics Authority (PSA) certified Birth Certificate	PSA or Local Civil Registry (LCR) Birth Certificate
Report Card with Learner Reference Number (LRN)	Certificate of Good Moral Character
Certificate of Good Moral Character	Transfer Credentials (for transferees)
Form 137-A (Secondary Student's Permanent Record)	Transcript of Records (for transferees)
Certificate of Junior High School (JHS) Completion	Admission Exam
Education Service Contracting (ESC) Certification Letter from JHS [Principal format available through ESC Information Management System (IMS) for ESC Grantees only]	Report Card or Form 137 (for incoming 1 st year students/ High School completers)
Admission Exam	

LOOKING FOR QUALITY AND AFFORDABLE EDUCATION?

ENROLL NOW!!!

CMDI offers you:

- ✓ Competent and practitioner faculty members
- ✓ Scholarships, incentives, and discounts
- ✓ Student Assistantship
- ✓ Modern facilities
- ✓ Excellent school environment conducive for learning
- ✓ Scheduled transportation services
- ✓ No additional fees during On-the-Job Training (OJT)

TUITION IS ONLY PHP8,750 PER SEMESTER.
DEPED VOUCHERS FOR SHS ARE ACCEPTED.

